Edad 9-11

# Bibliang Pambata na isinalarawan

## Aklat ng Gawain

Lumang tipan 2



KIDS GOD WORSHIP
www.kidsworship.kr
Selah
Ministerio de Publicación Cristiano

# Bibliang Pambata na isinalarawan

## Aklat ng Gawain Lumang tipan 2

**Edad 9-11**


Pagbabago kidsworship Selah

**Pagsasalin** | Danica, Frijida, Jessabel, Joyfull Batia Church **graphic na disenyo** | Jeewon Park, Julio Blas **Mga pagsusuri** | Kristine



Ang aklat na ito ay hindi maaaring kopyahin nang buo o bahagi nang walang pahintulot ng may-akda.

# INDEX


1. Jacob 3 ........ 6

2. Jose 1 ........ 9

3. Jose 2 ........ 13

4. Moses I ........ 17

5. Moses II ........ 21

6. Moses III ........ 25

7. Josue ........ 29

8. Ang tatlong daan na mandirigma ni Gideon ........ 33


9. Samson ........ 37

10. Si Ruth, ang mabuting manugang ........ 42

# Ang progreso ng aking rekord.

Kulayan ang Bibliya pagkatapos kumpletuhin ang bawat kuwento.

I-scan ang QR code at tingnan ang video



## Kuwento 1 : Jacob 3

Talata sa Bibliya [Genesis 33:10b]

**Pagkakita ko sa mukha mo at madama ang magandang pagtanggap mo sa akin, para ko na ring nakita ang Diyos!**

Matapos ang dalawangpung taon, bumalik si Jacob sa Canaan.
Isang araw, kinuha ni Jacob ang lahat ng kaniyang ari-arian at umalis.
Ngunit habang papalapit siya sa kanyang tahanan, nagsimula siyang mag-alala dahil natatakot siya sa kanyang nakatatandang kapatid na si Esau.
Pinauna muna ni Jacob ang kanyang mga alipin sa kanyang kapatid. Nang maglaon ay bumalik sila at sinabi sa kanya, "Ang iyong kapatid ay may apat na daang tauhan na darating upang salubungin ka, Guro."
Nang marinig ito ni Jacob ay natakot siya na darating ang kanyang kapatid upang sawayin siya.
Pinauna muna ni Jacob ang kanyang pamilya pagkatapos ay sinabihan niya ang kanyang mga katulong na maghanda ng regalo para sa kanyang kapatid. Takot na takot si Jacob na saktan siya ng kanyang kapatid, kaya nanatili siya.
Nang gabing iyon, mag isang nakahiga si Jacob at nag-aalala.
Nang may biglang sumulpot mula sa kawalan. Siya ang anghel ng Panginoon.
Buong gabi ay nakipagbuno si Jacob sa anghel ng Panginoon.
Ginamit ni Jacob ang lahat ng kanyang lakas para manalo. Nang sumikat ang araw, sinabi ng anghel ng Panginoon kay Jacob, "Ang iyong pangalan ay magiging Israel"
Pagkaalis ng anghel ng Panginoon, nakilala ni Jacob ang kanyang kapatid na si Esau.
Walang dapat ipag-alala si Jacob dahil tumakbo ang kanyang kapatid para salubungin siya at niyakap siya ng mahigpit. Ang magkapatid ay yumakap sa isat-isa at umiyak sa tuwa.
Pinahalagahan ni Jacob ang mga biyaya na ibinigay ng Diyos sa kanya at sa kanyang magulang, siya ay naging masagana dahil sa tulong ng Diyos at nagbalik sa kanyang pinanggalingang lugar.





**Gawain 1.** Sagutin ang mga sumusunod na tanong.

a. Bakit unang pinadala ni Jacob ang kanyang pamilya at pagkatapos ay pinaghanda ang mga katulong ng regalo para sa kanyang nakatatandang kapatid?

---

b. Anong pangalan ang natanggap ni Jacob pagkatapos makipagbuno sa anghel buong gabi?

---

c. Basahin ang Genesis 33:1-11. Ano ang reaksyon ni Esau noong makita niya ang kaniyang kapatid na si Jacob.

---

d. Ano ang iyong natutunan sa istoryang ito?

---



- **Basahin at kabisaduhin ang Bible verse. (Genesis 33:10b)**

**Pagkakita ko sa mukha mo at madama ang magandang pagtanggap mo sa akin, para ko na ring nakita ang Diyos!**

**Gawain 2.** Tulungan na makabalik si Jacob sa kaniyang bayang Canaan.

